

Ang Seksyon ng Pagpapatupad ng Pabahay at Pang-Sibil ay nagpapatupad nitong mga batas na pampederal:

Ang Batas sa Patas na Pabahay, na nagbabawal ng diskriminasyon sa pabahay at kaugnay na mga transaksyon, kabilang ang pagpapautang sa pagsasangla

Ang Batas sa Pantay na Oportunidad sa Kredito, na nagbabawal ng diskriminasyon sa pagpapautang

Titulo II ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964, na nagbabawal ng diskriminasyon sa mga lugar ng pampublikong akomodasyon, tulad ng mga hotel, mga restawran, mga bahay-aliwan, at mga sinehan

Ang Batas sa Paggamit ng Lupa para sa Relihiyon at sa mga Taong Institusyonalisado, na nagbabawal ng mga regulasyon sa paggamit ng lupa na magtangi laban sa mga relihiyosong pagpupulong o kung alin mang hindi makatarungang imposisyon sa relihiyosong kaganapan.

Ang Batas sa mga Miyembro ng Serbisyo para sa Tulong ng Pang-Sibil, na nagbibigay ng tiyak na mga proteksyon sa ligal na pang-sibil at mga benepisyong pampinansyal para sa mga taong nasa serbisyo sa militar.

Ang Seksyon ng Pagpapatupad ng Pabahay at Pang-Sibil ay maaaring:

- ▲ **imbestigahan** ang isang pinaghihinalaang gawain o kaugalian ng diskriminasyon na lumalabag sa mga nasabing batas
- ▲ **magsampa ng demanda** sa korte ng pederal sa ngalan ng Estados Unidos upang humingi ng pang-sibil na kaluwagan para sa mga paglabag sa mga nasabing batas
- ▲ **pumagitna sa isang demanda** na naihain na o magsampa ng hiwalay na demanda
- ▲ **lumahok sa paglilitis sa pamamagitan ng paghahain ng mga salaysay ng “kaibigan ng korte”** upang ipahayag ang mga pananaw ng Estados Unidos sa mga isyu na may kinalaman sa pagpapatupad o interpretasyon ng mga batas sa karapatang pang-sibil

Para sa karagdagang impormasyon sa pakikipag-ugnay:

Housing and Civil Enforcement Section
Civil Rights Division
U.S. Department of Justice
150 M Street, N.E.
Washington, D.C. 20530

O bisitahin ang website ng Seksyon:
<http://www.usdoj.gov/crt/housing>

Upang magsumite ng online na ulat sa Dibisyon ng mga Karapatang Sibil tungkol sa isang insidente o serye ng mga insidente ng diskriminasyon o iba pang mga paglabag sa mga karapatan na inilarawan sa pulyetong ito laban sa isang indibidwal, pamilya, o pangkat ng mga tao, bisitahin ang website ng Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil:

<https://civilrights.justice.gov>

(mayroon sa English, Spanish, Pinasimpleng Chinese, Tradisyonal na Chinese, Korean, Tagalog, at Vietnamese)

O tumawag sa Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil:

Tel.: (202) 514-3847
Toll-free: (855) 856-1247
TDD: (202) 514-0716

Kagawaran ng Hustisya ng
Estados Unidos
Dibisyon para sa mga
Karapatang Sibil



Seksyon ng Pagpapatupad ng Pabahay at Pang-Sibil



PABAHAY

Ang **Batas sa Patas na Pabahay (FHA)**, 42 U.S.C. § 3601 *et seq.*, ay nagbabawal sa mga tagatustos ng pabahay at iba pa na palabasin na walang bakanteng pabahay o magpataw ng ibang mga tuntunin o kundisyon batay sa:

- lahi; kulay; bansang pinagmulan; relihiyon; kasarian (kasama na ang sekswal na panliligalig); katayuan ng pamilya (kabahay ang isa o higit pang mga kabataan na nasa ilalim ng 18 taong gulang); o kapansanan

Ang FHA ay nagbabawal ng diskriminasyon sa ibat-ibang uri ng mga transaksyon na may kaugnayan sa pabahay, kasama ang pagbenta o pagrenta ng pabahay, ang paggawa ng mga pautang para sa pabahay, ang pagkaloob ng seguro sa mga may-ari ng bahay at mga desisyon ng lokal na gobyerno patungkol sa lokasyon ng pabahay. Ipinagbabawal din ng FHA para sa sinuman na pilitin, takutin, bantaan o manghimasok sa patas na mga karapatan sa pabahay ng isang tao.

Ang Seksyon ang nagpapasimuno ng mga demanda sa ilalim ng FHA sa mga pederal na korte sa buong bansa kapag may kadahilangang maniwala na ang isang tao o entidad ay nakibahagi sa isang “gawain o kaugalian” ng diskriminasyon, o kung saan nagkaroon ng pagtanggap ng mga karapatan sa isang pangkat ng mga tao na nagtataguyod ng isang isyu na may kahalagahan sa pangkalahatang publiko. Sa ilalim ng FHA, ang Seksyon ay maaaring magdemanda upang wakasan ang mga diskriminatoryong kaugalian at upang makakuha ng kabayaran at iba pang kaluwagan para sa mga taong ang mga karapatan ay nalabag.

Ang Seksyon ay nagpapasimuno din ng mga demanda para sa mga indibidwal na pangyayari ng diskriminasyon kapag ang Kagawaran ng Pabahay at Kaunlaran para sa Lungsod (HUD) ang nagsangguni ng pangyayari. Ang mga indibidwal na naniniwala na sila ay biktima ng isang ilegal na kaugalian sa pabahay ay maaaring magsampa ng reklamo sa HUD **sa loob ng isang (1) taon** mula sa araw na nangyari o natapos ang insidente ng diskriminasyon.

PAGPAPAUTANG

Ang **Batas sa Pantay na Oportunidad sa Kredito (ECOA)**, 15 U.S.C. § 1691 *et seq.*, ay nagbabawal sa mga nagpapautang na magtangi ng mga aplikante sa kredito batay sa:

- lahi; kulay; bansang pinagmulan; relihiyon; kasarian (kasama na ang sekswal na panliligalig); katayuan sa pag-aasawa; edad; o resibo ng sweldo mula sa programa ng pampublikong tulong

Ang ECOA ay nagbabawal ng diskriminasyon sa maraming aspeto ng proseso sa pagpapautang, kabilang ang mga kaugalian na nagpapahina ng loob sa mga tao na magsumite ng mga aplikasyon para sa kredito (pagmemerkado at/o pamimili ng aplikante); pagpapataw ng mga pamantayan o pamamaraan na humahantong sa diskriminatoryong pagtanggap sa mga kwalipikadong manghihiram (pagsiguro ng ari-arian); at pagpapataw ng hindi gaanong kanais-nais na mga tuntunin sa utang (pagpepresyo).

Ang Seksyon ay nagpapasimuno ng mga demanda sa ilalim ng ECOA kapag mayroong kadahilanan upang maniwala na ang isang tao o entidad ay nakikibahagi sa isang “gawain o kaugalian” sa diskriminasyon. Sa ilalim ng ECOA, and Seksyon ay maaaring magdemanda upang wakasan ang mga diskriminatoryong kaugalian at upang makakuha ng kabayaran at iba pang kaluwagan para sa mga taong ang mga karapatan ay nalabag.

MGA MIYEMBRO NG SERBISYO PARA SA PANG-SIBIL NA TULONG

Ang **Batas sa Pang-Sibil na Tulong para sa mga Miyembro ng Serbisyo (SCRA)**, 50 U.S.C. § 3901 *et seq.*, ay nagbibigay ng mga proteksyon para sa mga taong nasa serbisyo sa militar. Ang SCRA ay sumasaklaw ng mga isyu tulad ng maagang pagwawakas ng tirahan at mga pag-upa sa sasakyan, pagbawi ng sasakyan, mga tubong interes sa utang, pagremata sa mga naisanlang ari-arian, paglilitis sa sibil na panghukuman, at ang pagsubasta ng personal na mga ari-arian at mga sasakyan.

Ang mga miyembro ng serbisyo ay nararapat na humingi muna ng tulong mula sa isang lokal na tanggapan ng ligal na tulong sa militar. Subalit, kung ang ligal na pagtulong sa militar ay hindi kayang malutas ang problema, ang isang indibidwal ay hindi angkop na tumanggap ng mga serbisyong militar sa ligal na pagtulong, o ang bagay ay sensitibo sa oras, ang Seksyon ang magsusuri ng reklamo upang matukoy kung ang aksyon ay naaangkop. Sa ilalim ng SCRA, ang Seksyon ay maaaring magdemanda upang wakasan ang mga labag sa batas na kaugalian at upang makakuha ng kabayaran at iba pang kaluwagan para sa mga taong ang mga karapatan ay nalabag.

MGA PAMPUBLIKONG TIRAHAN

Titulo II ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964 (Titulo II), 42 U.S.C. § 2000(a) *et seq.*, ay nagbabawal ng diskriminasyon sa ilang mga lugar ng pampublikong akomodasyon, kabilang ang mga hotel, restawran, at mga lugar ng libangan, tulad ng mga sinehan o bahay-aliwan, batay sa:

- lahi; kulay; bansang pinagmulan; o relihiyon

Ang Seksyon ay nagpapasimuno ng mga demanda sa ilalim ng Titulo II kapag may kadahilangang maniwala na ang isang tao o institusyon ay nakibahagi sa isang “gawain o kaugalian” na nagtatanggap sa mga indibidwal na makakuha ng isang lugar ng pampublikong akomodasyon o pagtanggap sa isa o higit pang mga indibidwal ng parehong mga karapatan, mga pribilehiyo, at mga oportunidad na tinatamasa ng mga iba sa isang lugar ng pampublikong akomodasyon batay sa isang protektadong kategorya. Sa ilalim ng Titulo II, ang Seksyon ay maaaring magdemanda upang wakasan ang mga diskriminatoryong kaugalian at upang makakuha ng iba pang kaluwagan para sa tiyak na pagsunod, ngunit hindi makakuha ng kabayaranang pinsala para sa mga taong maaaring napinsala ng mga diskriminatoryong kilos.

RELIHIYOSONG PAGGAMIT NG LUPA

Ang **Batas para sa Relihiyosong Paggamit ng Lupa at sa mga Taong Institusyonalisado (RLUIPA)**, 42 U.S.C. § 2000cc *et seq.*, ay nagbabawal sa mga lokal na pamahalaan na magpatibay o magpatupad ng mga regulasyon sa paggamit ng lupa na nagtatangi laban sa mga relihiyosong pagpupulong o hindi makatarungang pagpapahirap sa relihiyosong palatuntunan.

Ang RLUIPA ay nagbabawal ng diskriminasyon sa ilang mga lokal na desisyon sa pagagamit ng lupa, kabilang ang mga aksyon o mga regulasyon ng gobyerno na nagpapahirap sa relihiyosong palatuntunan, tratuhin ang mga bahay ng pagsamba nang mas hindi kaaya-aya kaysa sa mga hindi relihiyosong pagpupulong, diskriminahan sa mga relihiyon o ibukod ang mga bahay ng pagsamba.

Sa ilalim ng RLUIPA, ang Seksyon ay maaaring magdemanda upang wakasan ang mga diskriminatoryong kaugalian at maghanap ng iba pang kaluwagan para sa tiyak na pagsunod, ngunit hindi makakuha ng kabayaranang pinsala para sa mga tao o mga relihiyosong organisasyon na maaring napinsala ng mga diskriminatoryong kilos.